# PROLOGUE

Sa gitna ng katahimikan at kadiliman ng gabi, may maririnig na malakas na palahaw. Nagmumula iyon sa kubong tinitirhan ng isang mag-ina.

At kahit may ilang nakakarinig sa nagmamakaawang mga tinig, walang nangahas na magbigay ng tulong. Isang dahilan ay ang pagiging maimpluwensya ng taong gumagawa ng kasamaan sa tahanan ng mga Samonte.

"Parang awa mo na, Kapitan. 'Wag mong gawin sa akin ito," pagsusumamo ni Lina.

Ngunit hindi man lang siya pinansin ng lalaki. Tila binging hiniklas nito ang suot ng balong babae at parang hayok sa laman na pinaghahalikan siya.

Sa labas ng silid ay malakas ang palahaw ng isang batang babae na mag-aanim na taong gulang. Gustuhin man nitong saklolohan ang ina, hindi nito magagawa dahil may dalawang malalaking lalaki na nakabantay rito.

"Kapitan, 'wag mong gawin ito, pakiusap. Maawa ka sa amin," muling sabi niya.

"Puñeta! Napakaarte mo! Ano pa ba ang inaalala mo, balo ka na! Noon pa'y kursunada na kita... at gustong matikman. Maganda ka, Lina. At isa pa, matagal ko nang pinapatay iyong tanga mong asawa kaya alam kong tigang ka na!" bulyaw nito saka siya sinampal.

Nabigla si Lina, nanlaki ang kanyang mga mata sa narinig. "Walanghiya ka!" Pilit siyang nagpumiglas. "Ikaw pala ang nagpapatay sa asawa ko! Hayup ka!" Galit na pinagkakalmot niya ito sa mukha, sa leeg at sa kahit saang maabot ng mga kuko niya. Pilit na umilag ang lalaki sa ginagawa niyang pag-atake.

"Dapat lang iyon sa kanya—ang patahimikin. Masyadong marami ang nalaman niya tungkol sa mga illegal naming gawain at balak pa niya kaming isuplong sa pulisya. Iyon ang napala niya." Humalakhak ito nang malakas.

"Hayup ka! Wala kang puso! Dapat sa 'yo mamatay na rin, Satanas ka!" sigaw niya. Kinalmot niya ang mukha nito nang ubod-diin.

"Putris ka!" Hinawakan ni Kapitan ang pisnging nasugatan, umaagos ang dugo mula roon. Sinikmuraan nito si Lina. Napasigaw siya sa sakit at halos panawan

ng ulirat.

Mas lumakas naman ang palahaw ng batang babae. Napangisi ang lalaki nang marinig iyon. Lumakad ito patungo sa bukana ng silid na nakukurtinahan at sumilip sa labas.

"Makulit kasi ang mama mo, hija, kaya pinatulog ko muna siya," baling nito sa anak ni Lina. Tumingin ito sa dalawang lalaking nagbabantay sa bata. "Ilayo muna n'yo 'yan dito," utos nito saka binalikan ang babaeng nawalan na ng malay-tao. Naghubad ito ng baro at pantalon.

At naganap ang maitim na balak ni Kapitan sa asawa ng lalaking pinapatay nito.

"Ang anak ko…" napaluhang sambit ni Lina nang magkamalay pagkalipas ang matagal na sandali. Hubad siya sa ilalim ng kumot.

"May maganda akong plano sa anak mo," ani Kapitan na noon ay kasusuot lamang ng mga damit nito.

Napalunok siya. "K-Kapitan, 'w-wag ang a-anak ko..." umiiyak na pakiusap niya.

"Hindi ko siya aanuhin." Hinawi nito ang kurtina

sa pintuan ng silid. “Ipatatrabaho ko siya sa aking mga tauhan.”

“Kapitan, w-wala siyang k-kasalanan!” sigaw ng balo.

Tila walang narinig na tinawag nito ang mga tauhan. Mula sa labas ng kubo ay pumasok ang dalawang lalaki, isa sa kanila ay mahigpit na hawak ang anak ni Lina. “Siguruhin ninyong hindi na sisikatan ng araw ang bata.” Itinuro nito ang paslit na panay ang iyak.

# 1

Atubili man si Eliza na kumatok sa pinto ng isang bahay, sinubukan pa rin niya. Wala kasi siyang makitang ibang malapit na bahay. At kahit na mukhang walang tao roon, nagbabakasakali pa rin siya.

Kanina pa siya palakad-lakad sa tila isolated na lugar na iyon. At sadya yatang napakamalas niyang nilalang sa araw na iyon.

Patungo sana siya sa bahay ng kaibigang si Bunny upang doon magbakasyon nang ilang araw. Sising-sisi siya ngayon kung bakit pinili pa niyang mag-commute kaysa dalhin ang kotse niya, gaya ng payo ng kanyang ama. Ang nasa isip niya kasi, pagkakataon na niyang maranasang sumakay ng bus. Isa pa, tiyak na makakawawa lang ang makina ng sasakyan niya sa dami ng lubak at batu-bato sa mga daan doon.

Ang adventure na gusto niya ay nakuha naman niya, dahil nasiraan ang tricycle na sinakyan niya at hindi siya naihatid sa sakayan ng bangka. Hindi niya ma-contact ang kaibigan sa cellphone nito at ayon sa mga karatulang nabasa niya, malapit na siya sa

ilog. Sa kabila umano ng ilog naroon ang bahay ni Bunny.

Naglakas-loob siyang maglakad hanggang sa ilog pero sa malas, bago pa makarating doon, inabutan siya ng ulan. Asar na asar tuloy siya dahil basang-basa siya.

*Wala yatang tao*, naisip niya habang sinisipat ang bungalow na bahay. Hindi kaya haunted house ito?

Aalis na sana siya pero nakita niyang madilim na ang paligid kaya kaagad niyang hinamig ang sarili. Muli siyang kumatok pati ang boses niya ay mas malakas na rin.

Mula naman sa mahimbing na pagkatulog ni Victor, bagot na napatingin ito sa alarm clock na nasa side table.

Kakaunting oras pa lamang ang naitutulog niya. Alas tres na ng hapon nang makauwi siya kanina mula sa pinuntahang lugar. Ni hindi na nga niya nakuhang kumain; naligo lamang siya at nagpahinga na. Pero dahil sa isang walang-pusong tao na kumakatok ay nasira ang kanyang pamamahinga. Hindi niya ito mapapatawad.

Pupungas-pungas man ay mabilis siyang umalis

mula sa pagkakahiga sa kama at tinungo ang pinto. Padarag na binuksan niya iyon. Ang galit at pagkayamot sa kanyang mukha ay kagyat na naalis nang makita ang babaeng nasa harapan niya. Sa kabila ng pagkabasa nito sa tubig-ulan ay mababakas pa rin ang kagandahan nito.

"Pasensya ka na kung naistorbo kita," nag-aalangang hinging-paumanhin ni Eliza sa lalaki. Kahit tila tinamaan siya ng pana ni Kupido dahil sa taglay na karisma ng kaharap, mabilis pa rin niyang naapuhap ang sadya niya roon.

"Bakit?" tanging naitanong ni Victor.

"Naabutan kasi ako ng ulan at nagkataong itong bahay mo lang ang malapit. Nagbakasakali akong may tao rito."

"Gan'un ba? Halika, tuloy ka na muna," anyaya nito.

Nakahinga naman nang maluwag ang dalaga. Akala niya ay hindi siya pauunlakan nito. Bagaman nahihiya ay tumuloy siya sa loob ng bahay nito at tumambad sa kanyang paningin ang munting sala.

Pinaupo siya nito sa sofa. "Sandali, ikukuha kita ng tuwalya." Umalis ito saglit upang magpunta sa kuwarto.

Pero dahil basang-basa, nahiya si Eliza na umupo sa sofa. Pinili niyang maupo sa isang plastic stool.

Nang bumalik ang lalaki ay dala na nito ang puting tuwalya. “Heto,” anito, sabay abot sa kanya ng hawak.

“Salamat,” atubiling kinuha niya iyon.

“Sa palagay ko, may dala ka namang damit.” Nakatingin ito sa di-kalakihang maleta niya. “Kung gusto mong magpalit ay naroon ang banyo.” Itinuro nito ang isang pinto sa dulo ng kabahayan.

“Salamat uli.”

“Wala iyon.” Kumumpas ito sa hangin. “Teka, kumain ka na ba?”

“Hindi pa nga, eh.” Napakagat-labi siya nang maalala iyon. She had her brunch kaninang alas diez. Ngayon ay pasado alas cinco na ng hapon. Nakaramdam kaagad siya ng pagkalam ng sikmura.

“Sige, magpalit ka na muna.” Humakbang patungo sa kusina si Victor.

Hindi maintindihan ng binata sa sarili kung bakit ganoon na lang ang gaang ng loob nito sa dalaga. Sa tingin nito, kahit na nagkataon na isa palang magnanakaw o masamang tao ang estranghera ay

pakikitaan pa rin nito ng kabaitan ang babae.

Nagpalit ng damit si Eliza matapos mag-shower nang kaunti. Pagkalabas sa banyo, naamoy niya kaagad ang niluluto ng lalaking nagpatuloy sa kanya. Tinungo niya ang kusina na ilang hakbang lang mula sa banyo

"Tapos ka na pala," nakangiting salubong sa kanya ng binata. Tipid siyang ngumiti rito. "By the way, I'm Victor… and you are...?"

"Eliza. Eliza Samonte." Nagkamay sila. At tila may kuryenteng dumaloy sa katawan niya nang mga sandaling iyon.

"Saglit na lang at maluluto na ang ulam natin," anito matapos nilang magkamay. Tumango siya. Binalikan nito ang stove kung saan nakasalang ang frying pan ng pinipritong skinless longganisa.

Nang maluto ang ulam nila ay hinango nito iyon mula sa pan at inilagay sa plato. Nagsandok din ito ng pinainit na kanin.

"Halika sa dining room at nang makakain na tayo," anyaya nito habang hawak ang dalawang lagayan ng pagkain.

Sumunod siya rito at nakita niyang naka-set

ang table for two. Mayroon ding pitsel ng tubig doon. Matapos ilapag ng binata ang nilutong ulam ay nagsimula silang kumain.

"Pasensya ka na kung naistorbo kita, ah," pagbubukas ng topic ng dalaga.

Sumubo muna si Victor bago ito tumingin sa kanya. "Hindi mo naman ako naistorbo. Sa katunayan nga, ikaw ang nagpaalala sa aking hapunan ngayon. At sa tingin ko, malaking tulong iyon sa akin." Ngumiti ito.

"Hindi ka ba natatakot na baka isa akong masamang tao?"

Amused na tinitigan siya nito. *Hindi ba tumitingin sa salamin ang babaeng ito?* naitanong nito sa sarili. Hindi niya yata alam na mukha siyang anghel na bumaba sa lupa. Pero sinarili na lamang ni Victor ang kaisipang iyon.

"Ikaw yata ang dapat tanungin ko. Hindi ka ba natatakot na lalaki pala ang nakatira dito… ang hiningan mo ng tulong?" balik nito.

Nagkibit-balikat si Eliza. "Wala namang masama kung lalaki ka. At isa pa, sa layo ng distansya ng mga bahay rito ay wala akong magagawa kundi puntahan ang unang bahay na makita ko."

"Wow! Mabuti na lang ako ang nakabili ng loteng ito," nakangiting biro nito. "Don't worry, good boy naman ako."

"Sa tingin ko naman." Napangiti rin si Eliza. The guy was really charming, lalo na kapag ngumingiti.

"Maitanong ko lang, saan ka ba talaga pupunta?" interesadong tanong nito mayamaya.

"Sa kaibigan ko, si Bunny. I mean si Bonifacio Laureta."

"Ah, kay Bonnie!" bulalas nito. "Kilala ko iyon. 'Bonnie' ang tunay niyang nickname. Ginawa na lang 'Bunny' nang magladlad."

Nagkatawanan sila.

Dinampot nito ang baso at nilagyan iyon ng tubig. "'Wag kang mag-alala. Kapag tumila ang ulan, ako mismo ang maghahatid sa iyo sa bahay niya," pagbibigay-assurance nito.

"Talaga? Naku, salamat." Nabuhayan siya ng loob.

"Tama na ang pasasalamat mo, baka bawiin ko pa ang ipinangako sa iyo. Kumain ka na lang," anito nang mapansing hindi na siya makakain dahil sa kakukuwento.

Isang matamis na ngiti ang ibinigay niya rito.

BINIGYAN NI VICTOR si Eliza ng silid kung saan siya makakakapagpahinga sa gabing iyon. Panay ang silip niya sa labas ng bahay mula sa bintana. Ngunit patuloy ang pagbuhos ng ulan kaya wala siyang choice kundi magpaumaga roon.

Napabuntong-hininga na isinara niya ang kurtina. Mabuti na lamang at hindi masamang tao ang nahingan niya ng tulong. Nakakasiguro siyang hindi siya mapapahamak habang kasama ito.

Ngunit magdamag na walang tigil ang ulan at hanggang kinaumagahan ay patuloy ang pagbuhos niyon.

"Good morning!" masayang bati ni Victor nang abutan ang dalaga na pasilip-silip sa bintana. Nilingon niya ito at matamis na nginitian. "Ang aga mong gumising."

Napabuntong-hiningang napaupo siya sa sofa. "Nababakasakali akong tumila na ang ulan."

"Sa palagay ko ay malabong mangyari iyon. Ang dinig ko kahapon sa radyo, may bagyo ngayon."

Nanlaki ang mga mata niya. "Bagyo!"

Lumapit ito sa bintanang sinisilipan niya kanina. "Sa tantya ko, aabutin iyan ng ilang araw." Mas lalo siyang nawalan ng pag-asa sa narinig. "Siyanga pala, kumain ka na ba?"

Umiling lang si Eliza bilang tugon. Nalulungkot pa rin siya dahil sa nalaman.

"'Wag mo na alalahanin iyong ulan. Halika muna at mag-almusal tayo."

Nang makita ang malungkot niyang mukha na nakatingin sa carpet ay napabuntong-hiningang umupo sa katabing sofa ang lalaki.

"Kung inaalala mo ang kalagayan nating dalawa, don't worry. Hindi naman ako nangha-harass ng babae," may halong birong saad nito. Pero hindi siya natawa roon. "Eliza, kung ihahatid kita ngayon, baka kung ano ang mangyari sa ating dalawa. Sa kabilang ibayo pa ang Bayan ng Pangako na siyang pupuntahan mo. At kung gugustuhin mong tumungo roon ay kailangan pa nating tumawid sa ilog… na nasisiguro kong umaapaw na ngayon," mahabang paliwanag nito.

Matamang tiningnan niya ang kausap. "Hindi pa ba ito Bayan ng Pangako?" tanong niya.

Umiling ito. "Ang lugar na ito ay Ohayo. Dati daw

itong tinitirhan ng mga Hapones. Pero nang umalis sila rito ay pinili ng mga taong manirahan dito kahit nasa gitna ng gubat," muli nitong pagkukuwento.

Nagkaroon ng interes si Eliza sa narinig. Bilang isang writer sa pelikula ay napakalaking tulong sa kanya ang historical events. Ilang pelikulang naisulat niya ang ibinase niya sa mga iyon at naging patok sa takilya.

"At alam mo ba na ang Ohayo ang pinakamatandang lugar dito sa probinsyang ito. Ang kuwento-kuwento, libingan raw ito ng mga buhay."

Hindi siya umimik. Sa isang banda ay may maliit na bahagi ng nakaraan ang naalala niya....

*"Ano'ng gagawin ninyo sa akin?" umiiyak na sabi ng batang si Eliza.*

*"'Wag ka nang magtanong," nakangising sambit ng lalaking nagsisigarilyo.*

*"Mama! Mama ko!" palahaw niya.*

*Sinabunutan siya ng lalaki. "Tumahimik ka! Napakaingay mong bata ka!" galit na bulyaw nito. Inis na inangat nito ang kanyang damit, gamit ang isang kamay. Kasunod niyon ay pinatay nito ang sindi ng sigarilyo sa kanyang likod. Napasigaw si Eliza nang*

*malakas dahil napaso siya sa ginawa nito.*

*"Maawa kayo sa anak ko!" palahaw ni Lina na noon ay hinang-hina na dahil sa kalapastangan at bugbog na tinamo mula sa amo ng dalawang lalaki. Wala na noon si Kapitan sa kubo ng mag-ina.*

*"Tama lang sa kanya iyan. Napakaingay niya; pakiramdam ko, mabibingi na ako," inis nitong sabi.*

*Pero imbis na tumigil ang bata ay lalo lamang lumakas ang iyak nito.*

*"Waldo! Ilibing na lang kaya natin iyan nang buhay?" pasigaw na tanong ng isa pang lalaki.*

"Eliza, okay ka lang?" Nilapitan na ni Victor ang dalagang kitang-kita ang takot sa mukha at tila tuod na nakaupo sa sofa.

Nabalik sa kasalukuyan ang isip ni Eliza. Pilit na inalis niya sa diwa ang bangungot na iyon.

"Pasensya ka na, masyado akong nadala sa kuwento mo," aniyang pilit na ngumiti.

"'Wag kang mag-alala, hindi rin naman ako sigurado kung totoo iyon. Sa tingin ko, panakot lang sa akin iyon n'ung bata ako," paliwanag nito.

"Siguro nga," maikli niyang sagot.

"O, halika na, magluluto pa tayo ng almusal."

"Nagluto na ako kanina. Pinakialaman ko na ang kusina mo."

Kumislap ang mga mata ng binata. "Talaga? Kung gayon, tara na at nang matikman ko na ang luto mo." Inabot nito ang braso niya at banayad na hinila. Sabay silang nagtungo sa komedor.

NAKATINGIN NGA si Eliza sa television, subalit wala roon ang kanyang atensyon. Tapos na silang kumain ni Victor ng almusal at nagpapalipas lamang ng oras.

"Narito lang pala," masayang sabi ng lalaki. Itinaas nito ang DVD na kanina pa nito hinahanap mula sa mga salansan ng movie disks na nakatago sa shelf with glass doors. Nakapatong ang TV sa ibabaw ng shelf na iyon. "Masyado akong pinahirapan nito. Gusto mo bang panoorin ito, Eliza?"

Nang hindi siya umimik ay nilingon siya ni Victor.

"Napakalalim naman ng iniisip mo, baka malunod ka niyan," biro nito. Pero si Victor lang ang nangiti roon. Hindi naman kalayuan ang pagitan

nila; minabuti nitong tapikin siya sa kamay. "Eliza, 'wag mo na munang isipin iyong boyfriend mo."

"Sorry," mahinang sagot ng dalaga.

Ang kahulugan niyon para sa binata ay hindi nga napigilan ni Eliza na isipin ang importanteng lalaking naiwan nito sa Manila. Nakadama siya ng maliit na kurot sa puso niya sa ideyang iyon.

"Bakit kasi hindi mo isinama?" untag niya.

"Ha?" anitong tila natauhan, pagkuwa'y bumakas ang kalituhan sa anyo nito. "Sino?"

"'Yong boyfriend mo." Tinitigan niya ang dalaga, inobserbahan ang expression sa mukha nito.

Napayuko ito. "Pasensya ka na kung hindi kita masyadong maintindihan," anito.

Nanlulumong ibinalik niya ang pansin sa DVDs na hawak. Tama ang hinala niya, may boyfriend na nga si Eliza.

"Iniisip ko kasi na baka malaki na akong abala sa iyo. At nahihiya na ako na nag-stay ako rito nang walang bayad," narinig niyang saad nito mayamaya.

Ngumiti siya. "Ayos lang iyon, Eliza. Kahit sino naman ang lapitan mo at hingan ng tulong ay

gagawin din ang ginawa ko."

Hindi iyon ang sagot na gustong marinig ng babae mula kay Victor. She felt a little disappointed. Hindi na lang siya umimik.

"Sa tingin ko, mas maganda ito. Kahit napanood ko na ito, maganda pa ring ulit-ulitin," tukoy nito sa DVD na hawak habang tinitingnan ang back cover niyon.

"Ano ba iyan?" usyoso na rin niya.

"*Mundong Makamandag*. Napanood mo na ba ito?"

"Hindi pa," pagsisinungaling niya. Ang totoo, siya ang sumulat ng kuwentong iyon na pumatok sa takilya. "Pero nabasa ko 'yung articles tungkol d'yan."

"Alam mo, may narinig ako tungkol sa palabas na iyan." Nilingon siya nito mula sa ginagawang pagbabalik ng mga DVDs na nagulo dahil sa paghahagilap nito sa paboritong pelikula. "S'abi nila, kalahati daw ng kuwento ay totoong nangyari. At binase 'yung istorya sa mga facts na nakalap ng writer."

"Talaga?" di-makapaniwalang sabi ni Eliza.

Hindi niya akalaing mayroon palang makaka-relate sa pelikula.

"Sinabi ko na nga ba, hindi magagawa ang kuwentong ito nang basta-basta. Hula ko d'un sa writer, may masamang experience iyon sa buhay. Baka nga siya mismo ang naka-witness ng isinulat niyang karumal-dumal na krimen."

"Bakit mo naman nasabi 'yan?" kaswal na tanong niya kahit na biglang kinabahan.

"Kasi mahirap namang gumawa ng kuwento na walang pinagmulan."

"Malay mo kung ini-research lang pala niya iyon." Nagkibit-balikat ang dalaga.

"Napakagaling pala n'ung writer kung gan'un. Biruin mo, napalabas niya na parang totoo ang lahat."

Pilit na pinalis ni Eliza ang kilig na sumapuso niya dahil sa pagpuri nito. "Mas magaling 'yung director dahil napasunod niya ang mga artista. 'Wag na nga iyan ang panoorin natin. Iyong iba na lang dahil parang alam ko na ang kuwento niyan."

"O sige, gusto mo ba ito?" Ipinakita nito ang DVD ng isang romantic comedy film.

Napaikot niya ang mga mata. “Diyos ko, wala namang ka-thrill-thrill iyan! Para kang si Bunny.”

Malakas na humalakhak ang lalaki. “Sa dinami-dami ng nilalang na p’wede mong ikumpara sa akin, bakit si Bonifacio pa?”

“Mahilig din kasi iyon sa mga ganyan. Kapag manonood kami ng sine, lagi kaming nagtatalo dahil magkaiba kami ng taste sa pelikula.”

“Actually, di ko rin iyan gusto. Iniisip ko lang na baka gusto mo iyan, you know like most girls do, kaya pinili ko.” Sumeryoso na si Victor saka nangalumbaba sa mesita malapit dito.

“O, bakit?” kunot-noong tanong niya.

“Gusto kitang patawanin,” sagot nito. “Kahit kasi nakangiti ka, para ka pa ring iiyak.”

Napakurap si Eliza. “H-ha?”

“There’s something about you that’s very different and… mysterious,” anito na nakatitig sa kanya.

“Naku, nakakatakot ka naman. Inoobserbahan mo pala ako, ah,” iwas-tingin na sabi niya.

“Pasensya ka na, hindi ko intensyong takutin

ka. Sige na nga, kalimutan mo na iyong sinabi ko." Ibinalik nito ang atensyon sa pamimili ng panonoorin.

Nakahinga naman nang maluwag si Eliza.

"NAGTATRABAHO KA BA?" tanong ng dalaga sa katabi.

Nanonood na sila ng DVD nang mga oras na iyon. Halos malapit na sa katapusan ang action film na napili nila.

"Hindi muna sa ngayon," maikli nitong sagot.

Nilinga niya ito saka tinitigan. "Bakit?"

Malalim na bumuntong-hininga ang lalaki. Halatang ayaw nitong sagutin ang tanong niya.

"It's okay kung ayaw mong pag-usapan ang tungkol sa work mo. Wala lang kasi akong maitanong." Ngumiti siya rito nang tipid.

Hindi na ito umimik. Nanatiling nakatuon ang mga mata nito sa telebisyon, ngunit wala roon ang isip.

Napag-isip tuloy ng masama si Eliza tungkol sa trabaho nito. Hindi kaya carnapper ito? O hold-upper? Hired killer?

Muli niyang nilinga ang katabi. Wala naman sa hitsura nito na isa sa mga iyon ang 'career' nito. Sa tingin niya, hindi ito iyong klase ng tao na magagawa ang ganoon. Tumututol ang isang bahagi ng kanyang puso sa isiping masama itong tao. Ang totoo nga, mukha itong may-kaya sa buhay.

Pero ano nga ba ang malay niya? His good looks could be deceiving. Paano kung nagkamali siya sa pagpunta roon?

Halos manlaki ang kanyang mga mata sa naisip.

Noon naman biglang luminga si Victor. Pilyo itong ngumiti. "Bakit ganyan ang hitsura mo? Iniisip mo bang maaakit mo ako kapag pinanlalakihan ng mata?"

*Rapist!* sigaw ni Eliza sa isipan.

# 2

"Bakit ganyan ka kung makatingin?" tanong ni Victor na tila napapantastikuhan.

"H-ha? Ah... eh… w-wala." Mabilis na nag-iwas ng tingin si Eliza.

Pasimple rin siyang dumistansya rito. Napansin naman ng binata ang ginawa niya. Napahalakhak ito.

"Mukha ba akong rapist?" Hindi niya alam kung paano nito nahulaan ang laman ng utak niya.

"B-bakit ko naman iisipin na ganoon ka?" pagmamaang-maangan pa niya.

Mas lalo itong tumawa sa nakitang hitsura niya. "Kitang-kita sa mukha mo. Alam mo, Eliza, hindi ko kailanman ginawang mangpuwersa ng babae," anito. "Why should I kung marami namang ibang palay na lumalapit nang kusa?"

Napasimangot siya. "Ang yabang mo!"

"I'm just being honest." Nagkibit-balikat ito at tiningnan siya nang mataman.

Sa tingin ni Eliza, hindi imposible ang sinabi nito dahil hindi maitatanggi na guwapo ito at lalaking-lalaki ang dating. Kapag ngumingiti nga si Victor, kulang na lang ay matunaw siya dahil sa panlalambot.

Gayunpaman, hindi niya gusto ang implication ng sinabi nito. Ibig ba nitong sabihin, hindi siya nito pag-iinteresan dahil maraming babaeng nagkakandarapa rito? At kung gugustuhin nito, maaaring isa rin siya sa mga 'palay' na lalapit dito? Puwes, nagkakamali ito!

"Ang lakas ng hangin," parinig ng dalaga.

Pero imbis na tamaan ito ay tumawa lang ito nang tumawa.

"HAYAN, tumila na ang ulan," masayang sabi ni Eliza nang sumilip sa labas ng bahay at makitang wala nang ibinabagsak na tubig ang mga ulap. Tapos na ang pinanood nilang action film. Naisip niyang tingnan kung umuulan pa.

Sumilip din si Victor sa bintana. "Tumila na nga pero hapon na." Tiningnan siya nito.

Muli siyang sumilip sa labas ng bahay. Tama ang

lalaki, agaw-dilim na nga sa mga oras na iyon. "So what kung hapon na?"

"Ibig sabihin, hindi pa tayo p'wedeng lumabas dito dahil mapanganib sa labas," katuwiran nito.

"Asus! Tinatakot mo lang ako niyan, eh," aniya saka namaywang.

"Hindi kita tinatakot. Ikaw din, alam mo ba na may nakawalang preso at usap-usapan ng mga taga-rito na nagtatago ito sa kalapit na gubat," seryoso ang expression na sabi ni Victor.

"Ikaw talaga, daig mo pa ang babae. Napakatsismoso mo," biro niya.

"Hindi ako tsismoso. At hindi iyon tsismis. Totoo ang sinasabi ko sa iyo; marami nang nagpatotoo n'un, hindi lang ako. At saka ang sabi nila, mamamatay-tao din daw 'yon."

"Ano ka ba? Tigilan mo na nga iyang mga haka-haka mo." Ngunit walang pagbibiro sa mukha ni Victor at bahagyang nagtayuan ang balahibo niya.

"Hindi ako nang-aasar. Marami na talagang pinatay iyong preso na iyon. At karamihan sa napatay nito ay hindi na nakikilala."

"Sige na, effective na ang pananakot mo.

Kinakabahan na nga ako." Tinitigan siya nito saka ngumiti. Nairita si Eliza. "Ano na naman ang iniisip mo diyan?" sita niya.

"Wala."

Sinimangutan niya ito bago nagmartsa patungo sa kusina.

"Teka, s'an ka pupunta?" natatawang tanong ni Victor.

"Ipagluluto kita ng espesyal na lason!" sagot niya.

"Wow! Gusto ko iyan; sarapan mo, ha," pang-aasar nito habang nakangisi.

Inakala ni Eliza na maiinis niya ito. Pero siya ang napikon kaya inirapan niya lamang ang lalaki at nagtuloy sa kusina.

Muling sumilip si Victor sa bintana; pilit sinisipat ang dilim. Mabilis ang kanyang mga mata kaya nakita niya ang isang kapirasong sindi ng sigarilyo sa madilim na daan.

Napakunot-noo siya. *May taong nagmamasid*, may kasiguruhang konklusyon niya.

Kaagad niyang isinara ang bintana saka

nagtungo sa kuwarto niya. Pagkapasok ay kaagad niyang kinuha ang laptop at mabilis na nagtipa sa keyboard niyon.

"Victor!"

Mabilis siyang nag-angat ng ulo nang marinig ang malakas na sigaw na iyon ni Eliza. Kaagad siyang kumilos at kinuha ang baril sa ilalim ng unan. Pinuntahan niya ang dalagang nasa kusina. Naabutan niyang nasa tabi ito ng refrigerator at walang kasama.

"Ano'ng nangyari?" urirat niya sa babaeng halatang takot na takot at nanlalaki ang mga mata.

"T-tingnan mo." Itinuro nito ang laman ng refrigerator.

Mabilis na lumapit si Victor roon. Kaagad niyang nakita ang putol na kamay sa loob niyon. At nagkalat ang dugo sa baldosa. Bumaling sa kanya ni Eliza at yumakap.

Sa nakikita nila sa oras na iyon ay may isang bahagi ng bangungot na bumalik sa alaala ng babae....

*"Pagkasyahin natin iyan dito sa karton," panay ang hitit-bugang sabi ni Waldo.*

*"Teka, pare, paano mo naman pagkakasyahin itong babae d'yan?" di-maintindihang tanong ng kasamahan nito habang tinitingnan si Lina na nakatirik na ang mga mata dahil sa sobrang hirap na dinanas.*

*"Tanga! Hanggang ngayon hindi mo ginagamit 'yang kukote mo. Kunin mo iyang itak." Itinuro nito ang binanggit na bagay.*

*Mabilis namang sumunod si Fred sa utos nito.*

*"'Tapos, gawan mo ng paraan kung paano pagkakasyahin iyan. Basta iwanan mo iyong kamay at may pagreregaluhan ako niyan." Tila demonyong ngumisi si Waldo.*

"VICTOR, ano'ng gagawin natin?" Panay pa rin ang iyak ni Eliza. Hindi nila alam kung sino ang naglagay ng putol na kamay sa fridge. Malamang na habang nanonood sila ay may nakapasok sa loob ng bahay nang hindi nila namamalayan.

Naaawang hinagud-hagod ng binata ang likod nito habang yakap ito. Hindi alam ng dalaga na malaki ang epekto ng pag-iyak nito kay Victor.

Muli siyang napatingin sa nakakakilabot na

tanawin sa loob ng refrigerator. Mabilis niyang isinara ang pinto ng appliance. "'Wag kang mag-alala, Eliza. Hindi kita pababayaan," pangako niya.

"Babalikan nila tayo! Tayo na ang susunod nilang papatayin!" patuloy sa pag-iyak na tungayaw nito.

Umiling-iling siya bilang pagtanggi upang payapain ito. "Hindi, Eliza. Hindi."

"Maniwala ka, Victor, papatayin nila tayo! Tayo ang isusunod nila!"

Hindi umimik ang lalaki; alam niyang totoo ang sinabi ni Eliza. Ang putol na kamay ay simbolo na sila ang susunod na bibiktimahin ng gang na siyang gumagala sa lugar na iyon. At hindi iyon basta tsismis lang. Si Victor mismo ay nakapagpatunay ng bagay na iyon.

"K'unin mo ang gamit mo, Eliza. Kailangan nating umalis dito," aniya matapos ilayo nang bahagya ang mukha nito mula sa pagkakasubsob sa kanyang dibdib.

"Masusundan nila tayo kahit saan." Naroon ang pangamba at takot sa mukha ng babae at napahugot siya ng malalim na paghinga. Naisip niya, kung nag-iisa lamang siya sa mga oras na iyon ay natitiyak

niyang mas madali ang sitwasyon.

Pero huli na, naidamay na niya ang dalaga sa kanyang problema. Isa lang ang ipinapangako niya sa sarili: hindi siya papayag na mapahamak ang kasama.

"Eliza, makinig ka. Ako ang kailangan ng mga taong iyon. Hindi mo kailangang magsakripisyo. Kailangang mailayo kita rito dahil alam kong babalikan nila tayo. Kung hindi man ngayon, baka bukas o sa susunod na araw. Sige na, k'unin mo na ang mga gamit mo," mas mariing utos niya.

"Nararamdaman kong hindi sila gan'un kadaling takasan. At alam ko na kahit saan tayo magpunta, masusundan nila tayo. Kilala ko sila! Kilala ko sila, Victor!"

Napakunot-noo siya. "Kilala mo sila?"

Maging si Eliza ay nabigla sa nasabi. Tinitigan nito ang kaharap at saka sunud-sunod na umiling.

"Sabihin mo, Eliza. Paano mo sila nakilala?" Kasabay niyon, hinawakan niya ang magkabilang balikat ng dalaga. Pero mas lalo lamang itong umiyak. "God!"

Muli niya itong niyakap. Sa reaksyon nito, alam

niyang maraming alam si Eliza tungkol sa gang na may kagagawan ng sunud-sunod na pagkamatay ng mga tao.

Lumayo nang bahagya ang babae upang tingnan sa mukha ang kausap. "Natatakot ako, Victor! Natatakot ako!" Bakas sa mukha nito ang katotohanan sa sinabi.

"Kasalanan ko'ng lahat ito." Naisabunot ng lalaki ang dalawang kamay sa buhok niya.

Umiling ito. "Hindi. Ang mga taong iyon ang may kasalanan. Pumapatay sila kahit walang dahilan."

"Makinig ka, Eliza. Kung ako ang susunod nilang papatayin, nasisiguro ko na idadamay ka nila kaya kailangan nating lumaban. Hindi tayo dapat na naghihintay sa kanila."

"Ano'ng gagawin natin?"

"Kailangan nating umalis dito," determinadong turan ni Victor.

Nakipagtitigan si Eliza sa lalaki. Iniisip niyang kung mamamatay lang din siya, mas gugustuhin na niyang lumaban kahit paano. Suwerte lang niya dahil may makakasama siyang tutulong sa kanya.

"Pumapayag na ako," mayamaya ay saad niya.

Tumangu-tango si Victor at hinawakan siya sa kamay. "Halika ka na, kailangan nating umalis ngayon din," nasa tinig nito ang pagmamadali.

"Teka, ang mga gamit ko," paalala niya.

"Babalikan na lang natin iyon."

Mabilis na tinungo nila ang motorsiklo ng lalaki na nakatabi pala sa gilid ng bahay. Hindi niya iyon nakita noong mapadpad siya roon noong nakaraang araw. Mamasa-masa pa ang upuan niyon pero hindi nila iyon alintana.

Wala na siyang panahon na mag-isip nang oras na iyon. Kailangan niya ng makakapitan. At tanging si Victor lamang ang nakakitaan niya ng paraan para makaligtas. Ngayon pa lang ay ipinagkakatiwala na niya ang sariling buhay rito.

Kasing-bilis ng hangin na pinasibad ng binata ang motorsiklo. Lalo lang siyang kinabahan sa pagpapatakbo nito.

Hindi niya napigilang yakapin ito nang mahigpit. Kung naiba lamang ang sitwasyon, nasisiguro niyang kikiligin siya sa ayos nilang iyon.

Pero hindi ganoon. Nanganganib ang buhay nilang dalawa at walang bahagi ang romance sa

kinakaharap nila.

Tila saulado ng lalaki ang lahat ng susuotan ng motorsiklo pero kinakabahan pa rin si Eliza. Hanggang sa sapitin nila ang isang malaking bahay.

"Dito na muna tayo," ani Victor.

Bahagya niyang sinipat ang bahay na iyon. Kahit paano ay nakadama siya ng kapanatagan.

"Kanino 'yan?" interesadong tanong niya.

"Sa amin. Nag-i-stay lang ako sa bahay d'un sa gubat kapag gusto kong mapag-isa para makapag-isip," anito. Binuksan nito ang gate at pumasok sila sa loob ng bakuran. Nang makalapit sila sa front door ng bahay ay binuksan din nito iyon.

"Bakit parang walang ibang tao?" usisa niya muli.

"Wala na kaming mga katulong. Ang sister ko naman—" Kagyat itong huminto. "Wala sila."

Napapantastikuhan man, hindi na siya muling nag-urirat.

"Kailangan nating kumain bago tayo magpatuloy sa pag-alis." Muli ay hinawakan nito ang kamay niya saka siya iginaya sa kusina. Nagpatianod na lamang

siya rito.

Pinagtulungan nilang iluto ang mga pagkaing nakita sa refrigerator, pagkatapos ay tahimik silang nagsalo. Nawala na sa isip nila ang panganib na kinakaharap, nang bigla, nakarinig sila ng iyak ng pusa.

"Ano 'yon?" kinakabahang tanong ni Eliza. "Parang pinapatay na pusa." Kinilabutan siya sa kaisipang nasabi.

"Nasundan nila tayo," halos paanas na sagot ni Victor.

Makapanabay pa silang nagulat nang makita ang patay na pusa na tumama sa salamin ng bintana. Tila sadya itong inihagis doon. Kitang-kita ng dalaga ang tumalsik na dugo ng kaawa-awang hayop.

Sisigaw sana si Eliza pero mabilis na natakpan ng lalaki ang kanyang bibig. "Hindi tayo dapat gumawa ng ingay!" bulong nito.

Pilit siya nitong pinaupo sa sahig; nagpatianod siya. Halos hindi na siya humihinga nang mga oras na iyon dahil sa nerbyos, idagdag pa ang mahigpit na pagkakayakap ng binata sa kanya.

"Sumunod ka lang," anas nito muli. Pagagapang

na nagpilit silang makarating sa pinto patungo sa likod-bahay.

Hindi napansin ni Eliza na may hawak palang baril ang kasama, nalaman na lang niya iyon nang may lumitaw na lalaki sa bandang bungad ng kusina at nakita sila. Kaagad na pinaputukan iyon ni Victor. Malakas na napatili ang babae.

"Halika na." Mahigpit siyang hinawakan nito sa kamay. Pilit siya nitong itinayo saka hinila patakbo palabas sa likod-bahay. May nadaanan silang tatlong lalaki na tila nag-aabang talaga sa kanila. Pinagbababaril ito ni Victor. Panay naman ang pikit niya sa tuwing nakakakita ng bumabagsak na tao sa sahig.

"Sh*t!" marahas na sabi nito. Nakita niyang wala na itong bala nang muling kalabitin ang gatilyo ng baril. Itinapon nito ang baril.

"Ano'ng gagawin natin?" nalilitong tanong ni Eliza. Nagtatago sila noon sa likod ng isang malaking puno.

Tinitigan siya ni Victor. At bigla na lamang siya nitong hinalikan sa labi. Nagulat man, pakiramdam ni Eliza ay napawi ang pangamba niya nang sandaling iyon. Tila isa iyong halik na nagbibigay ng pangako

na hindi siya pababayaan. At kung kapalaran niyang mamatay sa mga oras na iyon, nasisiguro niyang nakahanda na siya sa kung anumang mangyayari.

Tumututol ang puso niya nang maghiwalay ang mga labi nila. Muling nagtama ang kanilang mga mata. Kung naiba lamang ang sitwasyon, natitiyak niyang kikiligin siya sa mga tingin na ibinibigay ng binata.

"Kung anuman ang mangyari, siguruhin mong maililigtas mo ang sarili mo," mahina nitong sabi habang masuyong hinahaplos ang pisngi niya.

Umiling si Eliza. "Sinabi mo nga, damay na ako dito. Sabay nating ililigtas ang mga sarili natin."

He sighed heavily and hugged her tight. "Hindi ka dapat madamay."

Gusto na niyang maiyak. Pero walang puwang ang pagluha sa mga sandaling iyon. Lumuha man siya ay wala pa rin siyang magagawa.

"Wow, ang sweet n'yo naman," nang-iinsultong pukaw sa kanila ng isang boses ng lalaki.

Nang luminga si Eliza ay nahintakutan siya nang mapagsino ang kaharap na lalaki, gayundin ang mga kasunod pa nito. Hindi niya kailanman

malilimutan ang mukhang iyon…

*"Ninong! Ninong! Tulungan n'yo ako!" malakas na tawag at pagmamakaawa ng batang babae.*

*Nakaramdam siya ng pag-asa nang makita ang paparating na lalaki—si Ric Castro, isang pulis at ang matalik na kaibigan ng ama niya.*

*Ngisi lamang ang isinalubong nito kay Eliza. Tila nasiyahan pa ito na makita siyang puro pasa sa katawan.*

*"Inaapi ka ba nila, anak?" tanong nito na pinaamo pa ang mukha, saka siya hinawakan sa pisngi.*

*"Ninong, pinatay nila ang mama ko! Pinatay din nila ang papa ko! Tulungan mo ako, papatayin din nila ako!" pagmamakaawa niya.*

*"Sinabi nila iyon?" Tila nang-iinsulto ang boses nito.*

*"Maniwala ka, Ninong, papatayin nila ako. Si Kapitan! Si Kapitan Mauro! Sinaktan niya si Mama at pinapatay niya rin ang Papa! Narinig ko mismo, Ninong!" sa gitna ng pag-iyak ay sabi ni Eliza.*

*"At sa tingin ko, dapat mamatay ka na rin," anito sa mahinahong tinig.*

*Mataman niyang tiningnan ang lalaki. Hindi siya makapaniwala sa sinabi nito. "Ninong…"*

*Ngumisi ito; hinaplus-haplos ang kanyang buhok. "Hindi maganda sa isang batang kagaya mo na maraming krimen ang nalalaman. Makakakasama iyon sa paglaki mo." Sumabunot sa buhok niya ang kamay nito. Napasigaw siya.*

*"Kasama ka nila!" takot na napaiyak siya.*

*"Tama. Ako ang inutusan ni Kapitan para pumatay sa tatay mo. At nagawa ko iyon nang malinis. Pero hindi mo naman maiintindihan kahit ikuwento ko pa sa iyo." Itinulak siya nito.*

*Kahit na nasaktan siya sa ginawa nito ay mas higit siyang nasaktan sa nalaman. "Wala kang puso, Ninong! Ikaw ang pumatay sa papa ko! Masama kang tao! Dapat mamatay ka na rin!"*

*Sakit at poot na ang nararamdaman ni Eliza sa mga oras na iyon. Walang pakundangan niyang sinugod ito ng suntok at kalmot.*

*At dahil isa lamang siyang bata at mahina pa ang katawan, tinawanan lang siya ni Ric saka hinila ang buhok niya.*

*"Waldo, gawin n'yo na ang plano natin," malakas*

*nitong utos.*

*Malakas siyang itinulak nito patungo sa lalaking inutusan. Sumubsob ang mukha niya sa lupa dahil sa ginawa nito. Kaalinsabay niyon ang malakas na halakhak ng taksil na kaibigan ng kanyang ama.*

Narinig muli ni Eliza ang malakas na halakhak na iyon… na tila nanggagaling sa ilalim ng lupa.

"Ninong," mahina niyang sambit; nakatunghay sa lalaking may hawak na itak at tabako sa magkabilang kamay.

# 3

"Sayang naman ang love story n'yong dalawa." Umiling-iling pa si Ric, bago malakas na humalakhak muli.

"Major Castro! Sinasabi ko na nga ba." Matigas ang tono ni Victor nang magsalita.

Nalilitong pinaglipat-lipat ni Eliza sa kasamang lalaki at kay Ric ang tingin. Hindi niya akalain na major na pala ang kanyang walang-pusong ninong.

"Ikaw nga ang may pakana nito," patuloy ni Victor sa matigas pa ring tinig.

Umiling ang pulis bilang protesta. Pumalatak ito habang nilalaro ang itak sa kamay. "Nagkakamali ka, Victor, hindi ako ang may gawa nito. Sa katunayan, taga-sunod lamang ako sa nag-utos."

"Sinungaling!"

"Totoo ang sinasabi ko. At para maniwala ka, dadalhin kita sa taong may utak ng lahat ng ito. Natitiyak ko na masisiyahan ka sa malalaman mo." Muli, isang malakas na halakhak ang lumabas sa bibig nito. "Dalhin ang mga iyan!" malakas pa nitong

utos.

Halos pakaladkad silang hinila ng mga armadong lalaki. Hinawakan naman siyang maigi ni Victor… na tila sa ganoong paraan ay maiibsan ang nararamdaman niyang takot. Hindi na siya nagprotesta ng kahit anupaman.

Isinakay sila ng grupo sa isang owner-type jeep; piniringan ng mga ito ang kanilang mga mata.

"Victor," kinakabahang tawag niya sa lalaki. Lalo naman nitong hinigpitan ang paghawak sa kamay niya.

"May maganda akong naisip sa inyong dalawa para hindi na kayo maghiwalay. Heto!" Nakangising pinosasan sila ni Ric, saka tumawa na para bang ikinasisiya nito ang ginawa.

"Napakasama mo talaga!" di-mapigilang sambit ni Eliza.

"Alam ko iyon, hija. Sa katunayan niyan, daig ko pa si Satanas sa kasamaan," anito saka humalakhak.

Mas lalo lamang siyang nanggigil. Nagtagis naman ang mga bagang ni Victor.

Naramdaman nilang umaandar na ang sinasakyang jeep.

"Demonyo," mahina ngunit may tigas na nasambit ng dalaga.

Hindi na umimik si Victor; pilit na pinapagana ang isip. Kailangan niyang gumawa ng paraan. Kailangang-kailangan din niyang maitakas si Eliza sa gulong iyon.

Pero paano? At anong lusot ang gagawin niya?

"Pababain na ang mga iyan," mayamaya ay utos ni Ric sa mga tauhan. Sumunod ang isang lalaki. "Sige, alisan n'yo na ng piring iyang dalawa. Baka sabihin naman nila, hindi ako patas lumaban."

"Bakit kaya hindi mo na rin ipaalis itong posas?" matapang na tanong ni Eliza.

"Pasensya ka na, hija, hindi ako gan'un kabait kagaya ng inaakala mo," sabi nito na nagkibit-balikat pa.

"Tama ka, hindi ka mabait. Isa kang tusong demonyo!" Nakatiim-bagang siya at halos hindi iyon lumabas sa bibig niya.

Galit na binalingan siya ng tingin ni Ric at dinuro. "Hindi ako tuso, sinabi ko na sa iyo na patas ako kung magtrabaho."

"Kaya ba dito mo kami dinala? Para wala kaming

mahingan ng tulong kung saka-sakali." May tigas din ang tono ni Victor.

"Tama nga. Talagang matalino ka, Victor. Sayang at hindi mo na magagamit iyan kahit kailan. Naiintindihan mo? Kahit kailan!" malakas nitong sabi. Nagpatiuna ito sa paglakad. "Sige, palakarin ang mga iyan!" nag-uumigting nitong utos sa mga tauhan.

Halos ipagtulakan sila ng mga armadong lalaki pasunod kay Ric na nauunang naglalakad. Panay ang pumiglas ni Eliza pero wala silang magawa kundi sumunod.

Sa pinaghalong takot at kaba, inabot ng malayang kamay niya ang braso ni Victor. Nilinga siya nito.

"Sorry, Eliza. Pati ikaw nadamay sa gulong ito," mahinang sambit nito.

Napabuntong-hininga siya. "Hindi mo ito kasalanan, Victor. Baka kapalaran ko talagang makita si Nin—" sadyang pinutol niya ang sasabihin, "... si Ric at mamatay kagaya ng mga magulang ko."

"Patay na ang mga magulang mo?" di-makapaniwalang ulit nito.

"Oo at biktima din sila ni Ric, katulong si Kapitan. Pinatay nila ang mga magulang ko." Hindi niya napigilang mapaiyak.

Pinisil ni Victor ang kamay niya, upang sa gayong paraan ay maibsan ang sakit na nararamdaman niya.

"Sorry about that." Mas lalo lamang napaluha si Eliza.

"Ipinapangako ko sa iyo na hindi ka matutulad sa mga magulang mo," mahina ngunit matatag na sabi nito.

"Pinalulubag mo lang ang loob ko, eh."

"Hayaan mo na ako, iyon lang ang kaya kong gawin sa mga oras na ito—ang palubagin ang loob mo. Wala naman akong laban sa mga iyan," anito na may langkap na biro ang boses.

Napangiti si Eliza nang tipid. Kahit paano ay malaki ang naitutulong nito sa kanya upang mabawasan ang bigat ng kalooban.

"Oy, mamaya na kayo magligawan! Bilisan ninyo ang lakad!" sigaw ng isang tauhan ni Ric at hinampas pa sila ng hawak nitong patpat sa puwit.

Muntik nang madapa si Eliza kung hindi lang naagapan ni Victor ang braso niya. Madilim ang

mukhang tinapunan nito ng tingin ang lalaking namalo sa kanila.

"Ano tinitingin-tingin mo d'yan, lalaban ka?" sikmat ng bantay nila.

"Mayabang ka lang dahil nakaposas kami," matatag na saad nito.

"Manahimik ka! Maglakad ka na lang!" singhal ng lalaki at pinalo pa nang minsan ang katabi niya.

Akmang sasagot pa si Victor kaya hinawakan na ng dalaga ang braso nito. "Shh, hayaan mo na lang," bulong niya. Tiningnan siya nito at napabuntong-hininga.

Halos manakit ang mga paa nila nang sapitin nila ang kampo ng mga ito. Maraming kubo ang naroroon sa paligid.

"Ipasok ang dalawang iyan sa kubo," utos ni Ric. "At siguruhin ninyong mababantayan n'yo ang mga iyan!"

Itinulak sila ng mga tauhan nito papasok sa isang kubo. Nagulat ang dalawa nang matagpuan doon ang isang babaeng bihag. Nabigla rin ito nang makita sila.

"Victor!" bulalas nito. Hindi nito mapigilang

umiyak sa galak nang makita ang binata.

"Welda! Oh, my God!"

Kaagad na tumayo ang babae mula sa papag saka sinugod ng yakap si Victor. Matagal na umiyak ito sa dibdib ng katabi niya habang panay ang hagod ng binata sa likod nito.

Tila kinurot naman ang isang bahagi ng puso ni Eliza sa nasaksihan. Mayamaya, naghiwalay ang mga ito at napatingin sa kanya ang babae.

"Bihag ka rin ba?" tanong nito sa kanya na tila nalimutang dalawa sila ni Victor na dinala roon sa kubo.

"Magkasama kami," anang binata.

Sa sandali lang siyang tiningnan ng babae. Pagkatapos ay muli itong yumakap sa katabi niya.

"Vic, tulungan mo ako," sabi pa nito.

Nairita si Eliza dahil sa nakita. Nakalimutan na ba ng babaeng ito na bihag din sila? Naturalmente, hindi ito matutulungan anumang lingkis ang gawin nito kay Victor.

"Excuse me. Puwede ba tayong maupo?" iritado niyang singit sa 'moment' ng mga ito.

Tila nakaramdam ng pagkapahiya ang dalaga kaya tuluyan nang humiwalay sa lalaki. "Sorry, ah," sabi pa nito.

Mukhang sincere naman ito pero hindi niyon napaglubag ang kanyang damdamin. Matapos nitong yakapin sa harap niya si Victor at kalimutang naroroon siya?

*Hmph!* lihim na ingos niya rito habang papaupo sa kamang kawayan. Iyon lamang ang laman ng kubong iyon  at wala nang iba pa.

Hindi naitago sa mapanuring mga mata ni Victor ang hitsura niya. "Eliza, siya nga pala si Welda. Anak siya ng papa ko sa ibang babae," pakilala nito. "Kailan lang kami nagkakilala at nagkasama sa bahay pero naging malapit na kami sa isa't isa. Tatlong araw na siyang nawawala at hindi ko akalain na na-kidnap pala siya ni Major Castro," paliwanag nitong bahagyang tumiim ang mga bagang.

Napatingin siya sa dalawa. "Magkapatid kayo?" nahihiyang sabi niya.

Tumango si Welda at saka ngumiti. "Mukha ba akong mang-aagaw sa ginawa ko?" nakangiting tanong nito sa kanya.

Naramdaman ni Eliza ang pag-iinit ng kanyang

mga pisngi. "Ha? Naku, hindi. Hindi gan'un iyon. At saka, kung saka-sakali, wala ka namang aagawin..."

Nangingiting napailing si Victor sa ginawi niya. Uminit ang ulo niya dahil pakiramdam niya, pinagtatawanan siya nito.

"Ah, sige. Kayo muna ang mag-usap. Matutulog lang ako." Hindi niya malaman kung paano pagtatakpan ang kahihiyan. Itinaas niya ang mga paa sa kama. "Puwede ba, Victor, umayos ka nga." Pinandilatan niya ang lalaki. Palibhasa nakaposas sila kaya nahihirapan siyang makapuwesto papahiga.

Kumilos ang lalaki para hindi siya mahirapan.

"Good night," paalam niya kay Welda.

Nginitian siya ng dalaga na tumango bilang tugon. Nang mapatingin sa kapatid nito ay isang mahabang irap ang kanyang ibinigay rito.

Dahil sa magkahalong pagod at pananakit ng katawan, lalung-lalo na ng mga paa, kaagad siyang nakatulog.

"VICTOR, pinipilit nila akong papirmahin sa isang dokumento," ani Welda nang makitang tulog na si Eliza.

Kumunot ang noo ng lalaki. "Anong dokumento?"

"Hindi ko maintindihan kung para saan. Pero sa tingin ko, may kaugnayan ito sa testamento ng Papa. Alam mo namang maraming umalma nang sa ating dalawa ipamana ang controlling shares sa *Endaya Mills*, pati na rin ang mga bahay natin, nang mamatay ang ating ama.

"Hindi ko masyadong nabasa ang dokumentong pinapapirma nila, pero malamang nakasaad d'un na ililipat natin sa kung sino mang may pakana nito ang ating mga ari-arian sakaling mamatay tayo. Kailangan nila ang pirma natin pareho, pagkatapos niyon, ipapatay na nila tayo. Para kanilang-kanila na ang lahat ng pinaghirapan ng Papa."

Nagtiim ang mga bagang ni Victor. Iyon pala ang dahilan kaya bigla na lamang nawala ang kapatid. Nitong nakakaraang araw, hindi na niya maasikaso ang trabaho bilang CEO ng mills nila dahil sa paghahanap kay Welda. Kung saan-saan siya naghanap, iyon pala, kamag-anakan pa mismo nila ang nagpa-kidnap dito.

"Iyon din ang dahilan kaya ka nandito ngayon. Kailangan nila ang pirma nating dalawa. Naiintindihan mo ba? Kaya hindi nila ako pinatay ay dahil kailangan pa nila ako," patuloy nito.

Hindi siya umimik. Nahulog siya sa malalim na pag-iisip.

"Pinagplanuhan nila ito, Victor. Hindi ka nga lang kaagad nadukot dahil hindi nila agad nalaman ang tungkol sa bahay mo sa Ohayo."

Ayon pa rin kay Welda, tinakot itong ipapa-gang rape kung hindi nito sasabihin ang kinaroroonan ng kapatid. Pero nadiskubre ng pinuno ng grupong dumukot sa kanila kung saan siya naglalagi, naeksakto pang may kasama siyang nakikituluyan. Lumipat ang tingin niya kay Eliza. Too bad, nadamay pa ito.

"May naisip akong magandang plano," mayamaya ay sabi muli ni Welda.

Kunot-noong tinitigan niya ito. "Ano iyon?" Nang sabihin nito ang balak ay hindi niya mapaniwalaang nanggaling sa kapatid mismo ang ideyang iyon. "Hindi puwede," mariin niyang tutol.

"'Wag ka munang tumanggi, Victor. Pag-isipan mo muna itong maigi. Alam kong komplikado pero kailangan nating gawin." Pumuwesto na ito ng higa sa kawayang papag bilang senyas na tinatapos na nito ang usapang iyon.

TULOG NA ang dalawang babae sa magkabilang gilid ni Victor, pero hindi pa rin siya dalawin ng antok. Alam niyang nanganganib ang buhay nilang tatlo.

Nilinga niya ang katabing si Eliza. Napakaamo ng mukha nito habang natutulog. Hindi niya mapapatawad ang sarili kung may mangyari ritong masama. Hindi man sinasadya, nagkaroon na ito ng puwang sa puso niya. Hindi niya mapigilan ang bagay na iyon. Hinaplos niya ang pisngi ng dalaga. Bahagya itong gumalaw. Humarap ito sa kanya at ipinatong ang isang braso sa dibdib niya.

Napangiti si Victor. Ngayon, higit niyang nabibistahan ang maamo nitong mukha. Hindi niya tuloy mapigilang hagkan ito sa ilong.

Saka lang siya pumikit. Umaasa siyang sa ganoong sitwasyon ay makakatulog din siya.

SUMISIKAT NA ang araw kinabukasan. Nangangalay na si Eliza dahil sa mabigat na bagay na nakadagan sa hita niya. Unti-unti niyang idinilat ang mga mata at una niyang nakita ang mukha ni Victor. Mapayapa itong natutulog na tila walang problemang nakaharap sa kanila. At napakasarap

palang gumising na ang unang mabubungaran ay ang taong pinakamamahal.

Halos manlaki ang mga mata ni Eliza sa naisip na iyon. Pinakamamahal? Oh, no! Mabilis niyang itinulak ang binata at pinalo ito sa braso.

“Hoy, lalaki, gumising ka nga diyan!”

Pupungas-pungas na dumilat ito at tiningnan siya. “Bakit?” takang tanong ni Victor.

“Aba’t, ang walanghiyang ito!” singhal niya. “Ako dapat ang nagtatanong sa iyo niyan!”

Tuluyan na itong nagising. Bumangon ito at mataman siyang tiningnan.

“Hoy! Bakit ka nakadantay sa akin? At bakit mo ako niyayakap? May ginawa kang masama sa akin, ano!” Kasabay niyon, itinakip niya ang dalawang braso sa katawan. Nakalimutan niyang nakaposas pala sila kaya nang maramdamang halos nasagi nito ang kanyang dibdib ay mabilis niyang inilayo ang mga kamay nilang nakakulong sa handcuffs.

Lihim na napailing at napangiti ang lalaki sa ginawa niya. “Ikaw nga ’tong yumakap sa akin. Kaya naman kita dinantayan ng hita ay dahil malikot kang matulog. Nasisipa mo na ako. At wala akong ginawa

sa iyo. For Christ's sake, you're not even my type."

Bahagya siyang nasaktan sa huli nitong sinabi. Ngunit pilit niyang pinagtakpan ang kahihiyan. "As if naman type ko ang katulad mo," asik niya.

Nagkibit-balikat lang ito. "O, paano? Puwede na ba akong magpahinga?"

"Di magpahinga ka," singhal ni Eliza, pagkatapos ay idinagdag nang pabulong, "Wish ko lang bangungutin ka."

Pero narinig iyon ni Victor. "Kung gan'un hindi na ako matutulog. Baka malakas ka sa langit, i-grant pa Niya ang wish mo," iiling-iling nitong sabi.

"Ano ba ang nangyayari sa inyong dalawa?" untag ni Welda na noon ay kagigising lang. Pinaglipat-lipat nito ang tingin sa kanila.

"Wala, Welda. Nananaginip lang si Eliza," tugon nito na inunahan sa pagsasalita ang dalaga.

Naiiling na bumangon na nang tuluyan ang kapatid nito. "Ano, Victor, napag-isipan mo na ba 'yong sinabi ko sa iyo?" tanong nito.

"'Wag muna nating pag-usapan iyon."

"At bakit?" mataray na tanong ni Eliza. "Dahil

ba 'andito ako at hindi mapagkakatiwalaan ng sekreto?" Inungusan niya ang lalaki.

Hindi siya pinansin nito, sa halip ay nilingon ang kapatid. "Ikaw ang dapat mag-isip pa kung itutuloy ang plano na iyon."

"Plano," ulit ni Eliza. "Hoy, isama n'yo naman ako diyan!" pilit niyang pagsingit sa mga ito. Ngunit tila hangin lang siya sa mga ito.

"Buo na ang plano ko. At nasisiguro ko sa iyo na kahit sumunod pa tayo sa gusto nila, papatayin pa rin nila tayo," ani Welda.

"Ngii! Papatayin!" Kinilabutan siya sa narinig.

"Mapapahamak ka, Welda," nakatiim-bagang na sambit ni Victor.

"Kailangang gumawa ako ng paraan para kahit isa man lang sa atin ay makaligtas."

"Paano naman ako?" nakabusangot na sabi ni Eliza. Nakakahalata na siya sa dalawa. Pinagkakaisahan yata siya.

"Hayaan mong ako ang gumawa ng plano, Welda. Planong magliligtas sa ating dalawa," saadn ng binata.

"Hoy, teka! Bakit dalawa lang, tatlo tayo dito! Hello! Aren't you forgetting something?" pagpapapansin niya sa magkapatid.

"Kung magpaplano ka pa, mauubusan na tayo ng oras. Malapit nang dumating ang mastermind ng grupo. At natitiyak kong may gagawin na masama iyon."

Hindi na nag-react si Eliza kahit na hindi siya nakikita ng dalawa. Umingos na lang siya. *Bahala nga kayo sa life ninyo.*

"Pero maling ikaw ang mapahamak. Hindi dapat." Umiling ang lalaki. "Kung meron mang dapat mapahamak, 'yun ay walang iba—"

Gumalaw si Eliza nang kaunti at nakalikha iyon ng ingay. Magkapanabay na napatingin ang magkapatid sa kanya.

Halos magdumilat naman ang mga mata niya. "Don't tell me ako iyong dapat mapahamak! Hindi puwede! Hello! Okay lang kayo?" litanya niya.

Nagmukha siyang eng-eng pero wala siyang pakialam. Tila siya hindi naririnig ng mga kasama. Seryoso pa rin ang mga ito sa pinag-uusapan.

"As I was saying, dapat iyong pinuno nila ang

mapapahamak," ani Victor.

Parang nabunutan ng tinik sa dibdib si Eliza. Pinunasan niya ang namuong pawis sa noo, at saka ipinaypay ang kaliwang kamay sa kanyang mukha.

"Muntik na ako r'on, ah," bulong niya.

Napatingin na lang siya sa dingding. Ayaw na niyang makinig o makisabad dahil baka mapahiya na naman siya.

# 4

Bumukas ang pinto ng kubo at pumasok ang isang lalaking may hawak na tray ng mga nakaplato nang pagkain. May nakaipit na isang bote ng tubig malapit sa kilikili nito.

"O, kumain na kayo." Ibinaba nito sa harap ng mga bihag ang tray at bote. Pagkatapos ay isinara nito ang pinto nang makalabas.

"Kailangang magkalaman ang mga sikmura natin," sabi ni Welda. Ito na rin ang nag-abot sa kanila ni Victor ng mga pagkain.

"Teka, unfair naman ito. Iyong kanang kamay ko pa ang nakaposas. Hindi man lang naisip ng tusong demonyo na iyon ang ginawa niya sa akin," pagmamaktol ni Eliza.

Napailing na lamang si Welda sa sinabi niya.

"Gamitin mo ang kaliwa mong kamay," walang anumang saad ni Victor.

Inirapan niya ito bilang tugon. Sinubukan niya ang suhestyon nito ngunit kagaya ng hinala niya, nahihirapan talaga siya. Mas marami pa ang

nahuhulog kaysa nakakain.

"Itong kanan na nga lang," yamot niyang sabi.

Pero dahil kasama ang kamay ng lalaki sa naitataas niya sa tuwing susubo siya, lalo lamang siyang naiinis. Ang bigat pa naman ng braso nito.

"Ano ba! Pagaanin mo naman iyang kamay mo, nahihirapan na ako."

Natawa si Victor. Itinaas nito sa tapat ng bibig niya ang kamay nitong may lamang pagkain.

"Ano iyan?" tanong niya.

"Susubuan na lang kita para hindi ka mahirapan," alok nito.

"Ano ako, bata?" Sinimangutan niya ito.

Natatawang pinanonood lamang sila ni Welda. Sa gitna ng panganib na dinadanas nila, sandaling nawala ang pangamba nila nang oras na iyon.

"Kung gusto mong pagtiisan ang bigat ng braso ko, bahala ka. Kung ayaw mong subuan kita, ayos lang. Basta tigilan mo ang pagrereklamo mo diyan," anito kay Eliza.

Walang pakialam na nagpatuloy ito sa pagkain. Mas lalo naman siyang nainis sa pambabale-wala

nito.

"Sige na nga, payag na ako," tila napipilitan na sabi ni Eliza.

"Sa alin?" painosenteng tanong nito.

"Na magpasubo! Ano ka ba?" inis niyang sagot.

"Ano ka, bata?" nang-aasar nitong saad. Ibinalik lang nito ang sinabi niya kanina. At talagang epektibo ang pang-iinis nito.

Panay naman ang hagikgik ni Welda sa asaran ng dalawa.

"Victor," nakakunot na ang noo na tawag niya.

"Ano iyon?" bale-wala nitong tugon. Nang makita ang mukha niya malakas itong nagtawa. Hanggang sa bigla na lamang itong mabilaukan. "E-Eliza, iyong tubig," sa gitna ng pag-ubo ay sabi nito.

Inirapan niya ito bilang ganti.

Ngunit panay ang ubo nito at talagang nahihirapan nang huminga. Nakonsyensya naman siya. Gamit ang kaliwang kamay na mabilis niyang dinampot ang bote na may lamang tubig at pinainom ang lalaki.

"'Ayan, tawa ka kasi nang tawa diyan," paninisi niya.

"Ang aga ko namang nakarma. Ang lakas mo talagang magdasal," iiling-iling nitong sabi matapos makainom.

"Buti nga sa 'yo."

"O sige na nga, susubuan na kita," anito at itinaas sa bibig niya ang kamay na may pagkain. Wala siyang nagawa kundi isubo iyon.

NAGTUNGO SI BUNNY sa kabayanan para tumawag sa Maynila. Kanina pa niya sinusubukang tawagan ang best friend pero hindi niya ito ma-contact.

"Hello, Direk..." Nasa tono niya na ang pag-aalala.

"Sino ito?" tanong ni Ernie Yumang, ang ama-amahan ni Eliza. Isa itong movie director. Kasalukuyan itong nasa bahay at nagpapahinga.

"Si Bunny ito, Direk. Gusto ko lang sanang tanungin kung 'andiyan pa si Eliza?"

"Si Eliza? Hindi ba't may usapan kayo na diyan

siya magbabakasyon sa inyo?" nagtatakang tanong nito.

Nagpalinga-linga siya sa paligid; bakas sa mukha ang matinding pag-aalala. "Gan'un nga ho ang usapan namin. Pero apat na araw ko na siyang hinihintay na dumating sa amin kaso wala pa rin siya. Nag-aalala na kasi ako, baka kung ano na ang nangyari d'un."

"Sigurado ka ba? Teka, nai-report mo na ba iyan diyan sa pulisya n'yo?"

"Hindi pa ho, Direk. Kasi gusto ko munang i-confirm sa inyo kung 'andiyan siya o wala. Panay ang tawag ko sa cellphone niya, lagi naman cannot be reached," tugon niya.

"Ganito ang gawin mo, Bunny. I-report mo kaagad diyan sa inyo ang pagkawala niya. At bukas na bukas ay pupunta ako diyan. Isasama ko lang si Colonel Gamboa. Aayusin ko lang ang ilang bagay rito," utos nito sa kanya. "Kung anuman ang mangyari, itawag mo kaagad. Naiintindihan mo ba ako, Bunny?" anito sa maawtoridad na tinig.

"Yes, Direk." Nagpaalaman na sila at nang ibaba ni Bunny ang telepono, hindi niya malaman kung saan magsisimula sa paghahanap sa kaibigan. *Eliza,*

*nasaan ka na ba?* tila maiiyak niyang sabi sa sarili.

"Hoy, mare, nabalitaan mo ba iyong nangyari sa katulong ng mga Cervantes?" tanong ng tindera sa isang aleng bumibili sa tindahan kung saan siya nakitawag. Nalipat tuloy ang atensyon niya sa mga ito.

"Oo, mare, nagulat nga rin ako, eh. Biruin mo ba namang putul-putulin iyong katawan. 'Tapos pinagkasya lang sa isang kahon," sagot ng kausap nito.

"Hindi lang iyon. Ang sabi pa ng nag-imbestiga, katulad daw iyon ng mga dating biktima. Hinahalay muna bago pagpuputul-putulin iyong katawan." Nasa mukha nito ang pagkatakot.

Kinilabutan si Bunny sa narinig. Oo nga at hindi na bago ang mga nakakapangilabot na balita na iyon. Ngunit hindi niya maialis sa isip ang mag-isip na baka naging biktima na ng kriminal ang best friend niya...

"At, mare, nawawala raw iyong putol na kamay n'ung katulong. Ibig sabihin n'un, may isusunod pa." Hinawakan nito ang brasong tinaasan ng balahibo.

Hindi na matiis ni Bunny ang makinig doon. Something was telling him na may masamang

nangyari sa kanyang kaibigan. Hindi niya nasisiguro kung ano iyon; basta nararamdaman niya lamang.

Kailangan niyang gumawa ng paraan. Kailangan.

MARAHAS NA INILABAS ng mga armadong lalaki ang tatlong bihag mula sa kubo kung saan sila ikinulong. Dinala sila ng mga ito kay Major Castro. Hapon na noon.

“Gusto kong ipakilala sa inyo ang taong minsan ay ipinakulong n'yo,” salubong nito sa tatlo.

Mula sa isang kubo ay lumabas ang isang taong hindi nila inaasahang makita. Pare-pareho silang nabigla.

“Ikaw!” bulalas ni Eliza.

Halos manginig ang kalamnan niya nang makita ang may-edad na lalaki. Halata na ang ilang pilegis nito sa mukha. Maraming taon na rin ang lumipas mula noong huli niyang makita ang mukhang iyon, gayunpaman, kahit kailan ay hinding-hindi niya ito malilimutan.

“Uncle!” bulalas ni Welda. Bakas sa mukha nito ang disbelief sa natuklasan.

Iba naman ang naging reaksyon ni Victor. Galit na galit ito nang makita ang kadugo. Nakatakas ang walanghiyang tiyuhin niya sa bilangguan! Ito pala ang nakawalang preso!

"Maligaya ako na nagkita-kita tayong tatlo ngayon. Isa itong masayang reunion, hindi ba?" nang-iinsultong saad ng matandang lalaki.

"Ang kapal ng mukha mo!" di-napigilang sigaw ni Eliza.

Nabaling tuloy ang atensyon nito sa kanya. "O, may bisita pala tayo; hindi ninyo man lang sinasabi." Nilapitan siya nito saka binistahang maigi. "Napakaganda mo naman, hija at... teka, nagkita na ba tayo?" nang-aasar pa nitong sabi.

Bakas sa kanyang mukha ang galit para sa kaharap. "Hindi mo na ba ako matandaan, Kapitan Mauro Endaya?" may katigasan sa tono na tanong niya.

Kunot-noong tinitigan siya nito; pilit binabalikan sa isip ang nakaraan. Ngunit hindi talaga nito maisip kung saan unang nakita ang dalaga.

Siya na rin ang sumagot sa kanyang tanong. "Ako ang anak ni Sgt. Gerald Samonte, na pinapatay mo sa mabait kong ninong—si Major Ric Castro."

Parang gustong maiyak ni Eliza pagkaalala sa masaklap na sinapit ng mga magulang, subalit hindi siya dapat magpakita ng kahinaan. Lalung-lalo na sa kaharap niya.

Nabigla sina Victor at Welda sa narinig.

"Eliza?" mahinang tawag ni Major Castro.

Tumingin siya sa nagsalita. "Ako nga, mahal kong ninong. Nagulat ka rin ba sa natuklasan mo? Gaya ng pagkagulat ko sa natuklasan ko ngayon."

"Pinatay mo rin ang mga magulang niya!" matigas na sumbat ni Victor sa tiyuhin.

"Pero patay ka na!" mariing saad ng kapitan.

"Kung patay na ako, wala sana ako sa harapan n'yo," naniningkit ang mga matang tugon ni Eliza. "Gusto mo nga akong ipapatay pero hindi nangyari iyon, dahil mabait pa rin sa akin ang Diyos."

Umiling-iling si Mauro saka nagpalakad-lakad. "Imposible. Ipinakuryente pa kita para siguruhing mamamatay ka," paalala nito.

Sa narinig ay halos manlaki ang mga mata ni Victor at napanganga naman si Welda. Hindi nila akalain na talagang napakasama pala ng kanilang tiyuhin.

"Nabuhay ako sa kabila ng kawalanghiyaan ninyong dalawa. Mga hayup kayo, wala kayong puso! Matapos n'yong kamkamin ang lupain namin, pinapatay n'yo pa rin ang mga magulang ko!"

"'Wag kang mag-alala, hija. Hindi rin magtatagal ay magkakasama na kayo muli ng mga magulang mo. At sisiguruhin ko na sa susunod ay mamamatay ka na. Ako na mismo ang magtatrabaho para sigurado," ani Mauro. "At isa pa nga pala, hindi na ako kapitan, isa na akong mayor ngayon." Ngumisi ito.

"Baka nakakalimutan mo, isa ka nang former mayor," sabat ni Victor na pinagdiinan ang salitang 'former.'

Galit na binalingan ito ni Mauro. "At kasalanan mo lahat iyon! Kung hindi dahil sa pagiging pakialamero mo, hindi sana ako nakulong! At kung hindi dahil sa leche mong ama, sa akin sana napunta ang kayamanan ng pamilya!" nanggigigil nitong sumbat.

"Matapos mong kunin ang parte mo sa kayamanan, gusto mo pa ring mapasaiyo ang natira?" Hindi na napigil ni Welda ang sarili na sumali sa usapang iyon.

"Dahil iyon ang dapat!" sigaw ng tiyo ng

magkapatid. "Ako lang ang p'wedeng yumaman dahil ako ang panganay! Nararapat lang na sa akin mapunta ang lahat! Ang lahat-lahat!"

"Kaya pinapatay mo ang lahat ng taong nakahihigit sa iyo!" galit din na sabi ni Eliza.

"Tama! At isa na roon ang ama mo. Sinabi ko na sa kanya na umalis na siya pero matigas ang ulo ng tatay mo. Ini-report pa niya ang ginagawa kong pangungurakot! Tanga niya lang dahil naunahan ko siyang ipapatay bago pa may makaalam na iba!" Nasa tono nito ang pagmamalaki.

"Walanghiya ka!" malakas na bulyaw ni Eliza.

Nang tangkain niyang sugurin ito ay kaagad siyang hinawakan ng tauhan nito.

"Satanas ka! At ikaw naman, Major, isa kang demonyo! Magsama kayong dalawa sa impiyerno!" galit na galit niyang sigaw habang unti-unting bumabagsak ang luha sa mga pisngi.

"Ano ba talaga ang pakay mo sa amin?" matatag na tanong ni Victor.

Sandaling napatigil si Mauro saka ito humakbang palapit sa kinaroroonan ng lalaki.

Humitit muna ito sa hawak na tabako bago

sumagot, "Gusto kong pumirma kayo sa papeles. Pagkatapos nu'n... presto! Pakakawalan ko na kayo."

"Hindi ako naniniwala sa 'yo. Hindi ka dapat pagkatiwalaan. Mas gugustuhin ko pang magtiwala sa isang ahas kaysa sa iyo!" matigas na tungayaw ni Victor.

"Alam mo, pamangkin, hindi ko balak na hulihin ang loob mo. At hindi ko rin hinahangad na pagkatiwalaan mo ako. Pirmahan mo lang ang papeles, tapos ang usapan," kibit-balikat nitong sabi.

"At sigurado kong tapos na rin ako!" mariing dagdag niya.

"Talagang hindi ka naniniwala sa sinasabi ko."

"Hindi ako maniniwala sa isang katulad mo!"

Nakipaglaban si Victor ng titigan sa tiyuhin. Nang hindi ito makatiis ay binalingan nito si Welda.

"Eh, kung patayin ko na lang itong kapatid mo," banta nito na hinawakan pa ang leeg ng dalaga.

"Sige, patayin mo ako! Baka nakakalimutan mo na dapat mo rin akong papirmahin!" galit nitong sabi.

Halos manggalaiti si Mauro sa narinig. "Mga

wala kayong kuwenta! Talagang sinusubukan n'yo ako! Puwes, ibibigay ko ang hinahanap n'yo!" Galit na itinapon nito ang tabako na hindi pa halos nangangalahati at bahagyang nilingon ang mga tauhan. "Gusto kong mag-celebrate ngayong gabi! Ipagdiwang natin ang kamatayan ng tatlong iyan bukas!" malakas nitong utos na mas higit na ipinaririnig sa kanilang tatlo.

Bagaman natatakot sa narinig si Eliza ay pinanatili niya ang tatag sa harap ng lalaki. "Mabuti pa nga patayin mo na kami! Para matapos na rin ang kasakiman mo!"

"Hah, akala mo ba nagbibiro ako?" Galit na dinuro siya nito. "Ikulong ang mga iyan! Putris, makikita n'yo bukas ang hinahanap ninyong sakit!"

Halos ipagtulakan sila ng mga tauhan ni Mauro pabalik sa kubong nagsisilbing kulungan nila.

"Siguruhin mo lang na hindi ka namin mauunahan, kriminal ka!" pahabol ni Victor.

"Puñeta! Iwan n'yo si Welda! Ipatitikim ko sa mga iyan ang lupit ko!" gigil nitong utos nang makitang kasama ang pamangking babae habang pabalik sa kubo.

Kaagad namang hinila ang babae palapit dito.

"Hayup ka, 'wag ang kapatid ko! 'Wag mo siyang pakialaman!" tungayaw ng binata na pilit nagpupumiglas sa mahigpit na hawak ng tatlong tauhan ng tiyuhin nito.

"Siguruhin ninyong hindi makakawala ang dalawang iyan!" maawtoridad na saad ni Mauro na itinuro pa sina Eliza at Victor.

"Welda!" naiiyak na tawag ni Eliza.

"Victor! Tulungan mo ako!" nagmamakaawang sabi ng kapatid. Umiiyak na ito.

"Dalhin n'yo sa kubo ko iyan!" tukoy ng dating mayor kay Welda. "Itali n'yo! Ipapakita ko sa mga iyan na hindi ako basta-basta kalaban lamang!" anito sa nagmamalaking tinig.